

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Sumusuporta ang Lungsod ng Brampton sa pinanukalang \$100M na pamumuhunan sa Rogers at relokasyon sa downtown**

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2022) – Sa pagpupulong nito kahapon, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang rekomendasyon na suportahan ang relokasyon ng Rogers Communications' sa Downtown Brampton.

Sa pamamagitan ng pinanukalang bagong pamumuhunan, 3,000 empleyado ang lilipat sa 200,000 square foot na espasyo sa downtown. Ang bagong campus ay bubuuhin ng magkakahalang tanggapan at espasyo ng retail, na may karagdagang mga tanggapan na idadagdag nang yugto-yugto.

Ang strategic na bagong lokasyon na ito at pamumuhunan ay makakatulong sa pagpapabilis ng komunidad na nakatuon sa masiglang transportasyon at ilalagay ang bagong tanggapan ng Rogers Brampton sa gitna ng Innovation Corridor, pinapalawak ang kapwa access ng Rogers at Brampton sa talento. Dagdag pa, ang relokasyon ng Cybersecurity unit mula sa Campus ng Rogers Brampton papunta sa Innovation District ay magdadagdag at magpapalakas sa posisyon ng lungsod bilang pambansang lider sa Cybersecurity.

### **Mga Quote**

“Labis akong nananabik na tanggapin itong pinanukalang relokasyon ng Rogers sa downtown Brampton, na nagbabase sa kapana-panabik na pagbabagong nagpapatuloy at mga pamumuhunan kamakailan na ginawa ng Lungsod. Committed tayo sa pagtiyak na ang Brampton ay nananatiling tahanan na malugod na tumatanggap sa ating mga negosyo, at ang ating Konseho at mga staff ay nakikipagtulungan nang mabuti sa lahat ng mga partner natin para suportahan itong bagong pamumuhunan. Ang bagong site ng Rogers sa gitna ng lungsod ay mas magpapalakas sa ating posisyon sa Innovation Corridor ng Canada at bilang pambansang lider sa Cybersecurity, at inaasahan ko ang kapana-panabik na susunod na mga hakbang!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Gumagawa ng malaking hakbang ang Lungsod sa pagsisikap nito na baguhin ang downtown Brampton, na ang pananaw ay nakatuon sa paghikayat sa mga tao, mga gamit matapos ang sekondarya at innovation at teknolohiya. Sa pamamagitan ng pamumuhunan an ng bagong tanggapan ng Rogers Communications at ang relokasyon ng 3,000 empleyado, ang campus na ito ay maglilingkod sa pangmahabang panahon na pagpapasigla at tagumpay sa sa ekonomiya ng downtown. Inaasahan natin ang patuloy na pagpapalano sa kapana-panabik na proyektong ito at mas pinapaganda ang gitna ng lungsod para sa ating mga residente, mga negosyo at mga lokal na stakeholder.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang pinanukalang reloksyon ng Rogers ay isang patunay ng pampagbabagong trabaho na kasalukuyang ginagawa at mga strategic na pamumuhunan sa ating downtown sa Lungsod. Sa pamamagitan ng pagsuporta nitong bagong pamumuhunan na halo-halo ang gamit, lumilikha tayo ng mas malaki, pangmatagalang mga oportunidad para sa ating mga residente at komunidad ng negosyo. Ikinagagalak ko ang suportahan itong pamumuhunan na ito, na makakatulong sa paglikha ng masigla at madaling nakakabangon na downtown para sa ating lungsod.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng strategic na mga pamumuhunan at pagpapalano, ipinapahiwatig natin sa ating mga partner at sa ating komunidad ng negosyo na seryoso tayo sa paghahatid ng ismarte, sustainable at matagumpay na paglago. Labis nating ikinagagalak na kinikilala ito ng Rogers at inaasam na sumali sa pampagbabagong trabaho na kasalukuyang ginagawa sa ating downtown. Sa pamamagitan nitong bagong pamumuhunan, lilikha tayo ng mga trabaho, susuporta sa pagbangon at pag-unlad ng ating ekonomiya, at mas magpapaganda sa kalidad ng buhay para sa ating mga residente sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)